

A ANG SIMULA NG TUNGGALIAN

- ❖ Ang paghihimagsik laban sa Diyos ay umiral na bago pa umiral ang sangkatauhan (Gen. 3:1). Tinawag ni Jesus ang nilalang na ito na naghahasik ng pagdududa sa Diyos na “kaaway,” at tinukoy niya bilang diyablo (Mt. 13:39). Lumikha ba ng Diyos ang diyablo, ibig sabihin, naglikha ba ang Diyos ng isang masamang nilalang?
- ❖ Sinasabi sa atin ng Bibliya na ang diyablo ay isang anghel na tinatawag na Lucifer (Is. 14:12). Ang anghel na ito ay nilikhang perpekto at maganda (Ez. 28:12). Siya ay itinaas sa pinakamataas na posisyon na maaaring hangarin ng isang anghel: tagapag-ingat na kerubin (Ez. 28:13-14).
- ❖ Pinagkalooban siya ng Diyos, tulad ng lahat na nilikha Nya, ng kalayaang pumili at, sa hindi maipaliwanag, nagpasya si Lucifer na maghihimagsik, at maghangad na agawin ang trono ng Diyos (Ez. 28:15; Is. 14:13-14).

B PAGHIHIMAGSIK SA LANGIT

- ❖ Sa kanyang pagnanais na agawin ang trono ng Langit, nag-udyok si Lucifer ng pagdududa sa mga anghel tungkol sa katarungan ng banal na pamahalaan. Hindi ba sila lahat ay libre? Bakit magpapasakop sa mahigpit at, marahil, hindi makatarungan o pabagu-bagong mga batas?
- ❖ Tinanggihan niya lahat ng mapagmahal na panawagan ng Diyos upang baguhin ang kanyang saloobin.
- ❖ Ang paghihimagsik ay naging bukas na labanan, isang digmaan kung saan ang bawat anghel ay kailangang magdesisyon. 1/3 ng mga anghel ay sumunod kay Satanas, habang ang iba ay nanatiling tapat sa Diyos (Apoc. 12:4a).
- ❖ Ang digmaan ngayon ay nagpapatuloy. Aktibo pa rin si Satanas. Sinisikap niyang kaladkarin ang bawat tao sa paghihimagsik laban sa Diyos. Dalawa lang ang panig. Yung mga gustong sumunod sa Kautusan ng Diyos, o yung mga tumatanggi dito. Nasa atin ang desisyon (Deut. 30:11, 16, 19; Josh. 24:15).

C PAGHIHIMAGSIK SA LUPA

- ❖ Nilikha tayo ng Diyos sa isang perpektong kapaligiran na walang bahid ng kasalanan, gaya ng mga anghel (Gen. 1:31).
- ❖ Nilikha din tayo ng Diyos na may kapangyarihang pumili ng malaya. Kaya, upang gamitin nina Adan at Eva ang kalayaang iyon, nagbigay Siya ng simpleng utos: “ngunit huwag kayong kakain ng bunga ng puno ng pagkakilala ng mabuti at masama” (Gen. 2:17).
- ❖ Nakamit ni Satanas ang kanyang layunin. Sina Adan at Eva ay nag-alinlangan sa Diyos, hindi sumunod sa Kanya, at tumalikod sa pinagmumulan ng buhay (Gen. 3:6, 9-13, 19). Binuksan ni Adan ang pintuan para pumasok ang kasalanan, at sa gayon ang kamatayan ay dumaan sa lahat ng tao (Rom. 5:12). Nagbabayad ba tayong lahat para sa kasalanan ni Adan?
- ❖ Bawat isa sa atin ay nagbabayad para sa ating sariling kasalanan: “sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos” (Rom. 3:23).

D RUMIRESBAK ANG PAG-IBIG

- ❖ Bago pa man ipahayag ang mga kahihinatnan ng pagsuway, ipinaalam ng Diyos kina Adan at Eva na may plano para sa kanilang pagtubos (Gen. 3:15).
- ❖ Kusang humiwalay ang sangkatauhan sa Lumikha. Ngunit malayo sa pag-iwan sa kanyang mga anak na walang utang na loob, ipinahayag ng Diyos ang kanyang tunay na pagkatao sa pamamagitan ng pagmamahal sa kabila nang hindi paniniwala (Juan 3:16).
- ❖ Ang kamatayan ay hindi kailangang maging tadhana para sa makasalanan. Ipinakita ni Jesus ang kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagbabayad sa kasalanan ng kanyang buhay (Rom. 5:8).
- ❖ Walang anuman sa atin na nagbibigay ng karapatan sa pag-ibig ng Diyos. Gayunpaman, sa bawat patak ng dugo na ibinuhos ni Jesus sa Kalbaryo, sinasabi sa atin ng Diyos: “Mahal kita.”

E ANG TUNGGALIAN NGAYON

- ❖ Si Jesus ngayon ay namamagitan para sa atin sa Makalangit na Santuario (Heb. 9:24; 7:25).
- ❖ Sa bisa ng kanyang dugong ibinuhos sa krus, inihaharap tayo ni Jesus sa Ama - at sa lahat ng mga naninirahan sa Sansinukob - bilang makatarungan, perpektong mga tao, na karapat-dapat tumira sa isang lugar sa Langit.
- ❖ Kaya, inaanyayahan tayong lumapit sa Diyos na may pagtitiwala sa pamamagitan ni Jesus (Heb. 4:15-16).
- ❖ Nais ni Jesus na umasa tayo sa Kanya sa bawat pangangailangan sa ating buhay (Juan 14:13-14). Kung saan may takot, siya ay nagdadala ng kapayapaan; kung saan may pagkakasala, siya ay nagdadala ng kapatawaran; kung saan may kahinaan, siya ay nagdadala ng lakas.
- ❖ Ang pinakadakilang hangarin ni Jesus ay ang makasama tayo magpakailanman (Juan 17:14). Ito rin ba ang iyong pinakamalaking hangarin?